# Programang Bago sa Canada

Kahit na kararating mo pa lang o nagpaplano kang lumipat, narito kami para tulungan kang makapag-ayos nang mas maaga.

## Ano ang Programang Bago sa Canada?

Kung isa kang bagong dating o internasyonal na mag-aaral, narito ang Affinity upang tulungan kang mapamahalaan nang madali ang iyong mga pinansiya. May access ang mga kwalipikadong miyembro sa mga eksklusibong benepisyo kasama ng buong hanay ng mga produkto at serbisyo para sa mga pang-araw-araw na transaksyon, tulad ng pagbabayad ng mga bills, pagpapadala ng pera sa mga mahal sa buhay at online/mobile banking. Nakatuon ang aming mga tagapayo sa pagtingin sa iyong pinansyal na estado at pagbibigay sa iyo ng payong kailangan mo para sa bawat yugto ng buhay.

## Ang makukuha mo

- Welcome bonus na $400 kapag nag-set up ka ng Unlimited na package sa isang Maximizer chequing account.
- Walang banking fee sa loob ng dalawang taon sa iyong account, kung saan makakatipid ka ng hanggang $156 taun-taon!
- Mga espesyal na rate ng pamumuhunan sa bagong personal na fixed-term, na mga hindi nare-redeem na pamumuhunan sa loob ng isang taon mula sa petsa ng pagbubukas ng iyong membership.
- Mga competitive na rate at kung maaprubahan, mawe-waive ang anumang fee sa pag-apply para sa loan sa unang taon ng iyong pagiging miyembro.
- Isang safety deposit box sa alinman sa aming mga lokasyon, kung saan libre ang renta, para sa unang taon mula sa petsa ng pagbubukas ng membership.
- Hanggang sa 48 naka-personalize na tseke

## Bakit Affinity?

Walang katapusan ang opsyon pagdating sa pagpili ng pinansyal na institusyon para sa mga pangangailangan mo. Bakit dapat piliin ang Affinity? Tungkol sa iyo at sa iyong komunidad ang Affinity. Hindi napupunta sa mga shareholder ang aming mga kita - direktang ipinupuhunan ang mga ito sa komunidad upang masuportahan ka, ang iyong mga kaibigan, pamilya at kapitbahay. Nakakatulong ang iyong membership sa Affinity para masuportahan ang iba pang miyembro na makabili ng bahay, makapagsimula ng negosyo, makapag-aral at makapagpalakas ng ating ekonomiya.

## Pagiging kwalipikado

Ang pangunahing may-ari ng account ay dapat:

- permanente o pansamantalang residente ng Canada at naninirahan sa Canada sa loob ng 5 taon o wala pa (dapat magpakita ng patunay).
- hindi nagkaroon ng membership sa Affinity sa loob ng nakaraang 18 buwan.
- hindi bababa sa 18 taong gulang.
- bumili ng $5 na share ng membership sa Affinity Credit Union.

## Maging miyembro

Makipag-ugnayan sa aming Contact Center sa 1.866.863.6237 para malaman ang higit pa tungkol sa programa, mga dokumentong kakailanganin mo para makapagbukas ng iyong account, o para mag-book ng appointment.

Bisitahin ang affinitycu.ca para sa kumpletong mga detalye sa Programang Bago sa Canada, at mga mahalagang tuntunin at kundisyon.